(TAGALOG SECTION)

ANG SOSYALISMO NGAYON

(*Isang Pahayagang Buwanan hinggil sa Sosyalismo at ng kanyang Kilusang Pangdaigdig*)

Taon I, Blg. 4 P. O. Box 885, Maynila, K. P. Agosto, 1936

# JOSE STALIN

## *Ang Kasaysayan Ng Isang Buhay Na Lipos Ng Pakikibaka at Panganib*

Si Walter Durranty, ang beteranong manunulat ng pahayagang "New York Times" sa Moscow, Unyong Sobyet, ang nagpalagay na si Stalin ay siyang pinakamagiting sa lahat ng mga estadista sa sangdaigdig. Ang kanyang pasyang ito ay doon nababatay sa pambihirang pagkakaunlad ng isang kabuhayang sosyalista na naitayo sa Unyong Sobyet sa pamamatnugot ng di matutularang lider na ito ng mga anak-pawis, na ang buhay ay isang aklat na napaka-romantiko sa lahat ng mga lider ng himagsikan sa Rusya. Maaaring mayroong ilan, lalo na ang kalaban ng Unyong Sobyet, ang hindi sasangayon sa pasyang ito ni Walter Durranty, nguni't hindi maitatakwil na ang pangalan ni Stalin ay siyang pangunahin ngayon sa kilusang sosyalista sa buong mundo, at sunod sa kay Lenin ay siyang pinakadakilang lider ng himagsikang sosyal ng Rusya.

Si Stalin ay ipinanganak ng taong 1879 sa lalawigan ng Georgia, Rusya. Ang kanyang mga magulang ay galing sa mga magbubukid, kahit na ang ama niya ay naging manggagawa sa isang pabrika ng mga sapatos, na namatay ng si Stalin ay sampung taong lamang. Ang tunay na apellido ng kanilang pamilya ay Dzhugashvili. Nagkaroon sila ng apat na anak, ngunit si Stalin lamang ang nabuhay, at ito ng maliit ay masasaktin pa at dahil sa bulutong ay nagparumi pa ito sa kanyang mukha. Ang mga magulang niya ay mga mahirap, at madalas ay kulang sila sa pagkain. Ang mga paghihirap na ito ay hindi naging balakid kay Stalin para manguna sa kanyang mga pagaaral, at sapagka't ang kanyang Ina ay isang banal siya ay lagi ng nananalangin na si Stalin ay maging pari at sa isang habito ay makapagsilbi sa kanyang bayan.

Ng maiwan ang pamilya ng kanilang ama, sila ay lalong nagkahirap-hirap. Ang kanyang Ina hanggang hating gabi ay makikitang nananahi para humanap ng kanilang ikabubuhay at makaimpok ng kamuntik para si Stalin ay makapagaral sa pagpapari, ngunit si Stalin naman na hilig sa pagbabasa ng kung ano-anong mga babasahin ay doon nahilig sa politika at bata pa ay nakuhang mapasama sa isang lihim na samahang pambayan.

Pagkatapos niya ng "high school" sa kanilang lugal, siya ay ipinasok sa isang seminaryo sa Tiflis. Ng mga panahong yaon, ang lugal na ito ay isang tinggalan ng mga simulaing mapanghimagsik, nasyonalista at Marxista, at hindi natagalan si Stalin ay siyang naging Lider ng mga Marxista doon. Nakikipagunawaan sa Pangkating Sosyal Demokrata noon ng siudad, siya ay nagkakalat ng mga babasahing mapanghimagsik, at dumalo sa mga miting ng mga manggagawa ng perokaril. Ng 1898, ang mga alagad ng batas ay hinalughog ang kanyang tirahan, nakakita dito ng isang aklat ni Marx, at kapagdaka ay pinalayas siya sa siudad na iyon. Ang bagay na ito ay labis na dinamdam ng kanyang Ina sapagka't may sospecha na si Stalin ay nagbabasa ng mga malalayang pahayagan. Gayon pa man ang kanyang Ina ay naniniwala na si Stalin ay hindi kalaban ng Tsar, at ng si Stalin ay dakpin na lamang sa Baku at paliwanagan siya ng mga kasama ni Stalin ay natanto niya ñg ganap ang buhay na mapanghimagsik ng kanyang bunso. Ng 1905, pagkatapos na ang kanyang anak ay paulit-ulit na dinadakip at ipinipiit ng may kapangyarihan, at sa palagay niya na ang kanyang mga dalañgin ay hindi pinakikinggan ng Diyos, ay nawala ang kanyang pagasa sa pagtawag na sa Diyos na ito, sakbibi ng isang paniniwala na ang mga pari ay katulong ng mga Tsar at ipinagkakanulo ang bayan.

Ng si Stalin ay paalisin sa Seminario, ang naging pasiya niya sa buhay ay ang paglabang mahigpit sa Tsar at ang pagbabagsak sa kapangyarihan niya, at pagkatapos na suriin ang lahat ng mga lapiang pambayan sa kanyang bansa ay ipinasyang sumapi sa Pangkating Demokrata-Sosyal.

Ang matatandang manghihimagsik sa Tiflis ay nagkakasiya sa mga lihim, na pagpapalaganap laban sa kagustuhan ng kabataan. Si Stalin ay nakipanig sa kabataan, mga

(*Nasa pakina 2 ang karugtong*)

## JOSE STALIN...

(Karugtong ng pahina 15)

maiinit na dugo na ang gusto ay mga lantarang pamamahayag, pagkakalat ng mga babasahing labag sa batas hinggil sa mga pangkasalukuyang suliranin, at si Stalin ay siyang nagwagi pagkatapos ñg isang halalan. Ng 1900 hanggang 1902, si Stalin ay pinamatnugutan ang ilang aklasan sa Tiflis, at isang unang araw ng Mayo ay pinañguluhan ang isang kagulat-gulat na pamamahayag ng mga anak-pawis. Pagkatapos ng pamahayag na ito, ang tanggapan ng partido ay sinalakay ng mga pulis, ang kanyang tirahan ay hinalughog. Buhat noon si Stalin ay nagpalipat-lipat ng tirahan at lagi ng nagpapalit ng pañgalan. Siya ay nakilala sa mga pangalang David, Koba, Nisheradze, Chsshekoff, at Ivanovitch, nguni't ang pañgalan na namalagi ng huli ay Stalin, na ang kahulugan ay "patalim," at dahil sa kanyang ugali at kasalukuyang kalagayan ay bagay-bagay o angkop sa kanya.

Sumunod, si Stalin ay naging upahang ahitador ng partido, at kapagdaka ay pinalipat siya ng Baku. Pinamatnugutan niya dito ang mga welga ng mga manggagawa sa lañgis, at isang malaking pamamhayag ng Pebrero ng 1902. Siya ay dinakip ng Marso at piniit hanggang sa katapusan ng taon, para itapon naman siya sa silanganan ng Siberia. Sa loob ng isang buwan ay nakatakas siya sa Siberya at bumalik na muli ng Tiflis.

Ng siya ay napipiit sa Baku, dumating sa kaalaman ni Stalin ang pagkakahati ng partido sa dalawang pangkat, ang Bolsheviki at ang Mensheviki, at buhat noon si Stalin ay naging taga-tangkilik ni Lenin. Ng siya ay makatakas, kanyang isinaayos ang partido sa boong Caucasus na tagatangkilik ni Lenin. Kanyang inilathala ang mga pahayagang Bolsheviki na labag sa Batas, na may mga pangalan ng 'Ang Pakikilaban ñg Mga Anak-pawis" at ang "Manggagawa ng Baku", at sumulat din siya ng maraming mga babasahin. Ng 1905 siya ay dumalo sa pagtitipon ñg partido sa Finlandia, at ng 1906 ay pinamatnugutan niya ang pahayagang "Panahon." Ng taon ding ito ay dumalo siya sa kongreso sa Stockholm at isa pa sa Londres. Ng siya ay magbalik buhat sa Londres, ay muling tinipon niya ang mga manggagawa sa Baku.

Ng 1908 siya ay dinakip na muli, dahil sa kanyang pakikialam sa Lupon ng Baku ng himagsikan, at pagkatapos na mapiit ng ilang araw ay muling itinapon siya sa Irkutsk. Ng 1909, si Stalin ay nakuha na namang muling makatakas at bumalik na uli sa Baku. Ginawa, na naman niya ang pagtatatag ng mga samahang manggagawa sa bawa't pabrika ng lañgis sa nasabing siudad. Napakalakas ang kanyang loob, na kadalasan ay makikita siyang nakikipagusap sa mga manggagawa kahit sino ang mga kaharap, at dahil dito sa loob lamang ng isang taon ay muling napaharap siya sa isang sakdal na kinasuungan niya sa isang mahabang pagkakapiit at muling pagkatapon. Siya ay muling nakatakas at sa pamamagitan ng isang balatkayo ay tumungo ng St. Petersburg. Nguni't wala pang anim na buwan sa siudad na ito, dahil sa kanyang gawain sa Lupong Panggitna ng Pangkatin, siya ay muling dinakip ñg mga pulis ng Tsar doon na hindi siya nakikilala, at siya ay ipinatapong muli sa loob ng tatlong taon lamang, ñguni't siya ay muling nakatakas ng 1911.

Ipinalalagay na si Stalin, ay ganap na matalinong gumawa ng paraan o mapalad, sapagka't ang mga pulis ng Tsar ay pinaratangan lamang siya ng magagaang na sakdal; gaya baga ng mangulo ng isang pamahayag, mamatnugot sa isang pahayagan, mag-lider ñg isang welga, at iba pa. Kahi't na siya ay laging nasasangkot sa gulo, ang kanyang mga kaparusahan ay magagaang. Ng Abril 1912 siya ay muling dinakip at muling itinapon. Ng dumating na Septiembre, siya ay nakatakas muli hanggang sa dumating sa Cracow, Austria, at nakadalo pa sa isang pagtitipon ng pangkatin ni Lenin dito, at sa Lupong Pangitna sa mga manghihimagsik ng Rusya ay nahalal na isa sa mga kagawad ng mga panahong yaon, marami ay nasa ibang bansa at mapanatag na nagaaral. Hindi ganito ang naging buhay ni Stalin. Siya ay laging nasusuong sa mga mahihigpit na labanan. Inilaan niyang lagi ang kanyang buhay sa mga gawain ñg kanyang pangkatin na labag sa batas. Ng 1913 siya ay nakilahok sa halalan para sa Ikaapat na Duma, at naging lider ng pangkat ng mga Bolsebiki, Siya rin ang namatnugot sa mga pahayagang ilegal na may pamagat na "Ang Tala" at "Ang Katotohanan." Ng 1913, siya ay muling hi-

---

hasa. Napilit niya ang lahat ng bansa, sa pasakit na paglipol, na tularan ang pamamaraang burges sa paglikha ng mga kagamitan; napilit niyang ipasok sa kanilang lipunan ang kanyang pinanganganlang kabihasnan, at ito nga ay ang maging burges din sila. Sa biglang sabi, ang kalipunang burges ay lumikha ng isang daigdig na huwad sa kaniyang larawan.

Nagawa ng kalipunang burges na ang mga nayon ay sumunod sa pangangasiwa ng mga siyudad. Siya ay nakapagtatag ng naglalakihang mga siyudad at nasikap niya na lumago ng higit ang mamamayang taga siyudad kaysa taga bukid, at sa gayo'y nailigtas ang maraming tao sa kabuhayan. Kung papaano naisagawa niya na ang mga nayon ay mabuhay sa tulong ng mga siyudad, gayon din ay nasunod niya na ang mga bayang walang kabihasnan o ang mayroong kaunting kabihasnan ay mabuhay doon sa mga bansang bihasa, gaya rin naman ng pag-asa ng mga uring magbubukid sa uring burges, at ng mga taga Silangan sa mga taga Kanluran.

Ang kalipunang burges ay unti-unting pinawi ang pagkakawatakwatak na katayuan ng mga mamamayan, ng mga paraan sa paglikha ng mga kagamitan (production), at nalikom ang pag-aari sa kamay ng iilan. Ang naging kinauwian nito ay ang pagkalagom sa kapangyarihan ng ilang mga tao. Ang malalayang lalawigan o iyong mabubuway ang pagtutulungan, na mayroong sariling kapakanan, batas, pamahalaan, at paraan ng pabuwisan ay napagsamasama sa ilalim ng isang bansa na may sariling pamahalaan, sariling batas, makauring damdamin, isang hanggahan at pabuwisan sa lunsuran (customs tariffs). (ITUTULOY)

nuli (ikaanim na beses), at ipinatapon na tinatalibaan ng maraming sandatahang kawal. Ito ang huli niyang pagkakadakip at hindi na siya nakatakas, at ng siya ay muling lumaya ay ng dumating na ang Himagsikan ng Febrero.

Sa himagsikan ng mga Bolsebiki, si Stalin ay isa sa Lupon ng lima na bumalangkas at nañgulo sa pagaalsa, na laging kaulayaw ni Lenin sa pagsamsam nila ng kapangyarihan. Mula sa 1917 hanggang 1923, si Stalin ay siyang Komisar ng mga Lahi, na nagpauna sa politika ng pagbibigay ng autonomia at kalayaan sa mga iba't ibang lahi sa loob ng Unyong Sobyet. Sa panahon ding ito, mula sa 1919 hanggang 1920, siya ang Komisar ng Pagsisiyasat Ukol sa Mga Manggagagawa at Magbubukid, at ng 1920 hanggang 1923, siya ay kagawad ng mataas na Lupon sa Digmaang Himagsikan ng Republika.

Ng panahon ng digmaang sibil, at ng interbensyon ng Inglaterra, Pransya, Hapon, at Estados Unidos, si Stalin ay malaki ang pagsisilbi sa labanan. Dahil sa kanyang kabayanihan, siya ay nabigyan ng pinakamataas na palamuti ñg ipinagkakaloob ng pamahalaan. Ang mga ilang pangyayari ng mga masusungit na panahong yaon para sa Rusya ang makapag-lalarawan ng tunay na ugali ni Stalin.

Minsan isang araw sa isang labanan malapit sa Petrograd, ang mga sundalo niya ay hindi sumaludo kay Stalin. Ng tanuñgin niya ang isa nito kung bakit, ang kawal ay itinuro ang kanyang paa na ang sapin ay hindi sapatos kungdi gulanit na sandalyas na giniikan. Ang ginawa ni Stalin ay hinubad ang kanyang sapatos na balat, ay ibinigay sa kawal, at ang kanyang isinuot ay ang sandalyas na giniikan, at sa buong taglamig ay ito ang kanyang isinuot para makihati siya sa mga paghihirap ng kanyang mga sundalo.

Ito rin ang pahayag ni Sturo ng panahon ng digmaang sibil ng si Stalin ay siyang Tagapamahala ng Pagkain. "Ako (si Sturo) ay nautusan na humanap ng pagkain para sa mga manggagawa ng Baku. Ako ay nakatipon ng mga trigo sa Volga, at dadalhin na sa Baku na natatalibaan ng mga sundalo. Ng lahat ay nakahanda na para isakay sa bapor, ang mga tauhan ni Stalin ay dumating at sinamsam ang mga trigo. Ipinakita ko ang aking utos sa mga sumamsam. Ang isinagot nila ay hindi kailangan kung sino ang naguutos; ang tutoo wika nila ay kung kami ay walang idadating na mga pagkain kay Stalin sila ay babarilin: Ang mga sumamsam ay marami at kung ako ay ay magmamatigas ay manganganghulugan ng labanan. Ang Baku ay nagugutom at ang kailangan ay kausapin si Stalin.

"Ng panahong yaon si Stalin ay diktador halos ñg pagkain. Siya ay walang tinatanggap na taga labas sa kanyang tanggapan maliban sa kanyang mga utusan, ñguni't sa paraan ay nakuha ko ang makausap siya. Ng dumating ako ay para siyang isang leon na lakad ng lakad sa kanyang tanggapan na parang haula. Ipinaliwanag ko ang aking layunin, at ang mahigpit na kailangan ng pagkain ng mga manggagawa sa Baku, na tiyakang mawawala kung walang darating na pagkain. Ang lahat ñg aking pangangatuwiran ay niwalis ni Stalin sa mga ganitong pangungusap: 'Anong kaululan ang iyong sinasabi. Kung mawawala ang Baku, iyan ay walang ano man. Makukuha natin muli iyan sa loob ng ilang buwan. Kung Moscow ang mawawala, ay natapos at nawala sa atin ang lahat. Ang himagsikan ay sukat na natapos.' Ang mga trigo ay napunta sa kay Stalin at sa Moscow".

Si Stalin minsan ay naging Kalihim ni Lenin at sumunod ay naging Pangkalahatang Kalihim ng Partido Komunista. Sa simula, ang tungkuling ito ay hindi mahalaga, ñguni't sa kanyang kamay ay naging mabisang kasangkapan. Ang tanggapan niya ay siyang naging sentro ng ikinikilos ng partido sa boong Unyong Sobyet. Binigyan siya ng mabuting pagkakataon na maalaman ang mga kilos ng lapian sa lahat ng dako at ang makilala ang mga tauhan nito. Dahil sa kanyang marangal na pinagdaanan, siya ay namahal sa mga kasapi ng lapian.

Ng si Stalin ang siyang kilalaning lider sa Rusia, may ilang pangkat na tagasalungat ang nagtangkang ibagsak siya, nguni't sa lahat ng tunggalian sa partido si Stalin ang lagi ng tumatanggap ng tangkilik sa malaking nakararami. Sa kasalukuyan, walang makatututol sa salita na si Stalin sa boong Unyong Sobyet ay siyang pangunahing lider, nguni't hindi sa uri ng isang diktador o ng isang makaharing pamamahala. Alam ng lahat ng mga kasama niya sa partido na kung siya ang nagkakamit ng tangkilik sa lapian ay sa dahilang si Stalin ay laging nakakabit ang tainga sa mundo ng pangkatin at nalalaman niya kung ano ang kailangan at dinaramdam ng pangkatin niya. Siya ay isang mabuting tagapagsalita ng mga diwa at hangarin ng boong bansa, na nalalaman niya sapagka't ang mga pangangailangan nito ang kanyang lagi ng inaalam, na hindi gaya ng isang diktador na ipinasusunod ang sarile niyang kagustuhan at pasya.

Kahit na mayroon ngayong mga ilang alinlangan na si Stalin ay nagiging isang konserbador, ang katotohanan ay si Stalin ay isang ganap na komunista na naniniwala sa lahat ng mga simulain at tuntunin nito. Ang ilan niyang pamamalakad na nagbibigay ng alanganin ay para pagayusin lamang ang mga simulain sa mga mapapait na katotohanan at pangyayari. Mula ng 1930, si Stalin ay kinikilala na sunod sa kay Lenin at siya ang pinaka dakilang lider ng himagsikang sosyal sa Rusia, at ang pangalan niya ay lagi ng masasama sa mga pambihirang tagumpay ng mga katayuang sosyalista na naisagawa sa Unyong Sobyet, at nagbigay sa bansang ito ng isang matayog na pangalan sa kasalukuyang kasaysayan ng daigdig.